

Ateneo de Manila University

Archium Ateneo

Filipino Faculty Publications

Filipino Department

2021

May Tiktik sa Bubong

Allan N. Derain

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/filipino-faculty-pubs>



Part of the [Oral History Commons](#), and the [South and Southeast Asian Languages and Societies Commons](#)

MAY TIKTIK SA BUBONG

Allan N. Derain

Sabi ng kompositor na si R. Murray Schafer, nabubuhay ang isang komunidad sa tinatawag na ‘sonic environment’, na kaligirang nararanasan sa pamamagitan ng ‘soundscape’ o larang ng mga tunog (1994: 274). Lipunan ang lumilikha ng sarili nitong soundscape. Ngunit ang soundscape bilang lugar at paglulugar ay humuhubog din sa kondisyon ng isang lipunan at sa ganitong paraan ay lumilikha rin sa lipunan.

Tila ito ang nasa isip ng antropologong si F. Landa Jocano nang ilarawan niya ang folklore ng Hiligaynon sa bisa ng mga tunog na pumapaligid dito. Inisa-isa ni Jocano ang pagbanggit sa mga tunog bilang mga ‘auditory phenomenon’. Ang ‘bahoy’, halimbawa ayon sa kaniyang paliwanag, ay tila boses ng taong tumatagho. Naririnig ito lalo na kung tanghali sa mga lugar kung saan may pinatay, nalunod, o nawalan ng buhay dahil sa malagim na dahilan. Samantala, ang ‘panagbahay’ ay tinig na gumagaya sa boses ng taong tumatawag sa pangalan ng may-ari ng bahay habang ang tinig na ito’y papalapit sa bahay. Naririnig naman sa gitna ng kawayanan ang tinatawag na ‘marukpok’ na tunog ng tila kawayang pinuputol o pinupukpok kahit walang ibang tao sa paligid na maaaring gumawa nito. Ang ‘pangaluskos’ ay isa pang tunog na naririnig naman sa gabi. Tunog ito ng matatalas na kukong kumikiskis sa mga dingding at pader. Hindi nakikita ang nilalang na gumagawa ng ganitong ingay ngunit sinasabing hudyat ito na may aswang sa paligid. Samantala, ang ‘ugtak’ ay huni ng ‘bawa’ na inaheng manok na alaga ng mga engkanto. Madalas maglaro ang mga bawa malapit sa dapugan o abuhan dahil ang mga

buhay na baga at alipato ang paborito nitong pagkain. Isa pang tunog ang ‘mirispis’ na naririnig din tuwing gabi. Isa itong malalim ngunit matalas na huning tila galing sa itim na kuliglig. Kapag narinig ito sa bubungan ng bahay, nangangahulugang may multong dumadalaw sa bahay. Kapag sa pintuan, nangangahulugang may mamamatay sa pamilya. Kapag sa bintana, nangangahulugang may parating na sakuna (1983: 248-249).

Sa lahat ng ito, dalawang mahalagang pansin ang maaaring gawin. Una, makikitang ang sobrenatural na mundo ay kumukopya ng mga tunog mula sa natural na mundo. Batay sa ganitong pangungopya, puwedeng magkaroon ng klasipikasyon ang uri ng mga tunog kung ito’y kinukuha mula sa boses at galaw ng tao o kung mula sa halaman at huni ng hayop. At dahil sa natural na mundo nakukuha ng sobrenatural ang inspirasyon sa paglikha, nangangahulugang hindi ganap na magkahiwalay ang dalawang mundo. Sa halip mahihinuha pa ngang ang sobrenatural ay bahagi rin ng mundong natural.

Ikalawa, kapuna-punang may pangalan ang bawat tunog na binanggit ni Jocano. Na ibig sabihin, markado ang mga ito sa isip ng mga taong nakaririnig. Kung kaya maaaring ituring na ‘soundmark’ ng fokloreng Hiligaynon. Kung may landmark ang mga landscape, may soundmark namang puwedeng ituring ang mga soundscape na ayon kay Schafer (1994: 274) ay mga tunog na katangi-tangi sa isang komunidad kung kaya may natatanging pagrehistro sa pandinig ng mga taong kabilang sa komunidad.

TAMBALANG ASWANG AT TIKTIK

Kung tutuusin, hindi kailangang tingnan na magkaugnay na paksa ang ibon at aswang sa mga alamat at paniniwalang bayan. Pero umiiral din ang ganitong mga koneksyon maging sa mga kuwentong-bayan mula sa ibang rehiyon ng Timogsilangang Asya. Halimbawa na lang dito ang pontianak at langsuyar ng kuwentong-bayan ng Malay. Ang pontianak bilang isang uri ng malignong pinagmumulan ng nakatatakot na huni at nambibiktima ng mga buntis, at ang langsuyar bilang nilalang na humuhuni

at maaaring mag-anyong isang magandang babae na may butas sa batok o isang kuwago na may ulo ng pusa (Winstedt, 1951:24).

Sa limampung pangalan ng aswang na galing iba't ibang rehiyon (hindi pa kumpleto ang listahang ito): abat, alan, alok, amalanhig, asbo, aswang, balbal, bampira, barakikik, batbatkuao, boroka, danag, ebwa, gak, igkan, kagkag, kakak, kikik, kiritkirit, kiwig, kubot, lakaw, layog, hukluban, malakat, mananabas, manananggal, mandurugo, mangalok, mangkukulam, mangmangkik, maninilong, mansalawan, mansusupsop, mantahungal, matrukulan, onglo, paraduno, saklot, sigbin, silagan, siring, tagubalbal, tarabusaw, tiktik, ugima, unglo, ungo, wakwak, wirwir; walo sa mga ito ay pangalan din ng huni ng ibon o ng mismong ibon: barakikik, batbatkuao, gak, kakak, kikik, kiritkirit, tiktik, at wakwak. Isang buong ornitolojiya ng mga onomatopeikong pagpapangalan na parang lagus-lagusan lang ang relasyon ng tunog, pangalan, at ng ibon o huni ng ibong pinapangalanan, na sa katotohanan naman ay matatagpuan hindi lang sa mga paniniwala at kuwentong-bayan ng aswang kundi namumugad din sa mga totoong pugad sa mga totoong puno na nasa mga totoong gubat at ilahas.

Sa pag-aaral ni Frank Lynch tungkol sa paniniwalang aswang sa Bikol, binabanggit ang tungkol sa ibong kikik na rehiyunal na katumbas ng ibong tiktik (*An Mga Aswang: A Bicol Belief, Field Reports and Analyses*, 1963: 13, 72, 95). Kung paghahambingin ang iba't ibang naging pagkukuwento ng mga taong nakausap tungkol sa ibong ito, makikitang ang kikik una, ay huni ng ibong kasama ng aswang na naggagabay sa paglipad ng aswang (Ermino Sarza, Nabua Cam Sur, 95); ikalawa, ang huni ng mismong aswang na ginagaya ang huni ng ibong ito sa kaniyang paglipad (Francisco A. Veras, Iriga, Cam Sur, 72); at ikatlo, ang huning nililikha ng aswang upang magpahiwatig ng pagsuko at pagkatalo (Ramon Rañeses, Legaspi Albay, 13). Samakatuwid, ang kikik ay magkasabay na gabay ng aswang, huni ng aswang, at mismong aswang.

Ngunit bakit kailangan ng aswang ng ibong makakatambal sa kaniyang pagsalakay? Narito ang aking hinala sa dahilan: Madalas, bago magbagong anyo, nagpapahid muna ng langis ang aswang sabay

dasal. Sa salaysay muli galing Bikol (Ramon Rañeses ng Legaspi Albay, nasa ulat pa rin ni Frank Lynch, 15), ang sinasabi raw ng aswang sa kaniyang dasal ay “puera kakahuyan, puera katanukan, puera baresbesan, puera was-was cawayan.” Ipinakikita ng laman ng kaniyang dasal ang alalahaning nasa isip nito: ang madisgrasya habang lumilipad tulad ng pagkakasabit sa mga sanga o pagkakatusok sa mga tinik at kawayan. Kung nasa siyudad ang aswang, dapat din itong mag-alala sa mga sampayan, antena ng tv, billboard, poste, at kawad ng kuryente. Samakatuwid, mismong ang aswang ay hindi nakatitiyak sa liksi ng sariling paglipad. At kung ito ang ikinababahala ng aswang sa kaniyang dasal, hindi kaya ang pagdalo ng katuwang na tiktik ang nagsisilbi ngayong sagot sa kaniyang dasal? Sa pagdating ng ganitong tulong sa aswang, ang pagsunod nito sa nabigasyon ng mahiwagang ibon para makaligtas sa mga kinatatakutang sanga, tinik, at kawayan, ay pagsasanay rin, di lang sa ligtas na rutang dapat daanan, kundi pati na rin sa paraan ng tamang paglipad. Mabisang nagagabayan ng tiktik ang aswang sa mga pasikot-sikot na dapat lagusan at sa mga hadlang na dapat lampasan dala ng huni na nagsisilbing sound wave na pinakakawalan nito na maaaring nagpatalbog-talbog sa mga rabaw at usli na dapat iwasan ng aswang. Marahil, ito ang dahilan kung bakit kapag malakas ang huni ng tiktik ay sinasabing malayo pa sa kaniyang destinasyon ang aswang. At humihina naman ang huni ng tiktik kapag malapit na sa destinasyon ang aswang. Dahil kung nakarating na ang aswang sa lugar na target nitong puntahan ay wala na ngang gaanong pangangailangan pa sa huning ito.

Sa isang banda, sa ganito nakapadron ang kilabot ng tila mapaglarong huni. Na hangad na lituhin at mapaglaruan ang nakikinig. Dahil isang laro ang gusto nitong gawin sa konsepto natin ng layo at lapit. Konsepto natin ng panahon at espasyo ang kaniyang nililito. Kung kailan ito malapit, doon ito talaga malayo at kung kailan naman ito malayo, doon naman ito talaga malapit. Parang isang bugtong itong ibinibigay ng tiktik na ang sagot ay aswang ngunit sa pinakahuli puwede ring ang sagot ay kamatayan. Gumagana ang bugtong sa pamamagitan ng balintuna. Nagiging totoo ang paglalarawan

ng kabalintunaanang ito dahil totoo ito sa kamatayan kung paanong totoo rin ito sa buhay, na walang makatitiyak kapwa sa layo at lapit ng kamatayan at buhay.

Sa ganito masasabing nagaganap ang paggana at pag-iral ng aswang sa antas ng tunog, sa tunog na nagsisilbing pahiwatig ng kaniyang pagdating, na ang aswang ay narito na sa paligid, ng kaniyang di-maipagkakailang presensya, ng kaniyang pagkameron.

Presentasyon ng presensya ang tunog. Presensyang paparating pa lang kaya hindi pa rin talaga matatawag na presensya. Wala pa ito sa kasalukuyan. Ngunit sa isip ng nakaririnig, narerehistro na sa kasalukuyan ang matingkad na alaala ng mga naratibo tungkol dito. Kaya puwedeng maging buhay na buhay na sa kasalukuyan kahit wala pa sa kasalukuyan.

Di tulad ng habulan ng liwanag at tunog kung saan laging napag-iiwanan ang tunog, sa aswang, tunog ang nauuna kahit pa maaaring di na makarating ang nilalang na inaasahan ng mata. Ayaw magpakita. Gusto lang magparinig. Tunog at pagkatapos—ang napipintong pagsikwat ng buhay. Wala sa paningin ang aswang ngunit naroon ito sa pagitan ng tunog at kamatayan. Nagsisimula sa wala papunta sa pagkameron ng tunog na magtatapos naman sa paglalaho ng isang meron. Hindi na lang isang entidad ang aswang kundi isang proseso na naglalakbay sa panahon at tumatawid mula sa wala patungo sa meron patungo uli sa wala.

Ang tik-tik-tik ng tiktik, di lang huni ng ibon. Paano kung tik-tik-tik din ito ng orasan? Pagpapahayag sa malapit nang madagit na lumiliit ang kaniyang panahon ng pananatili? Ang tiktik bilang tagabilang ng mga huling oras, ang huling oras kung kailan kailangang hilingin ang dasal na intersesyon ng Mahal na Birhen – Ipanalangin mo po kaming makasalanan ngayon at kung kami’y mamamatay...

Bukod dito, makikita rin sa tambalan ng tiktik at aswang ang relasyon ng tiktik sa isa pang ibon na nasa loob naman ng aswang. Sapagkat dalawa at hindi isa ang ibong malapit sa kuwentong aswang. Sa salaysay muli galing Bikol (Jose Rigoroso na taga-Oas Albay, sa ulat ni Frank Lynch, 30), ang unang

ibon daw sa buhay ng aswang ay nasa itlog na ipinasok nito sa sariling katawan. Sa loob ng katawan mapipisa ang itlog hanggang sa ito'y maging inakay. Ayon pa rin sa salaysay, lumalakas ang aswang habang lumalaki ang sisiw na inaalagaan nito sa loob ng katawan (Francisco Veras ng Iriga Camarines Sur, ulat ni Frank Lynch, 72). Kung kaya lumilitaw na kaedad ng aswang ang sisiw na nasa loob ng kaniyang katawan. At bilang bagong silang, kailangan nito ng mabuting huwaran sa pagsasanay tungo sa pagiging mahusay na aswang. At ano pa nga bang pinakamabuting huwaran para sa sisiw na aswang kundi isa ring ibon na hinog na sa panahon sa pagiging ibon at aswang. Samakatuwid, ang relasyon ng 'ibon sa labas' at 'ibon sa loob' ng aswang ay gaya ng relasyon ng guro at disipulo. Ang tiktik na ibong eksternal, sa aking pakiwari, ang tumatayong guro at ang sisiw sa loob ang disipulo. Darating ang panahong makapaglalakbay nang mag-isa ang aswang at ang huni ng tiktik na maririnig ay wala na sa labas o paligid niya kundi nasa loob na lang uli niya. Ito ang aswang na nakarating na sa ruok ng kaaswangan sapagkat nagawa na nitong pag-isahin ang kaniyang loob at labas, ang ideyal na sarili at paparating pa lang na sarili. Baka nga kaya aswang ang aswang sapagkat sa katotohanan ay wala talaga siyang iisang tiyak na loob at labas (di gaya ng banga ni Prospero Covar na dalumat nito ng pagkatao). Ang loob ng aswang ay siya rin niyang labas at ang nasa labas ay siya rin niyang nasa loob.

Samantala, hindi lang naman aswang ang may pakinabang sa huni ng tiktik. Sapagkat mula sa kani-kanilang mga tahanan, naririnig din ito ng mga tao, at sa ganito, para sa kanila'y nagiging hudyat upang maging alerto. Tahimik nilang aabangan at pakikiramdaman kung saang bahay dadapo ang tunog, kung sa kanila o sa kapitbahay. At kung sakaling mapadaan sa kanilang bahay, sa kung anong dahilan ay baka sakaling laktawan sila nila nito. Ang uri ng takot na nalilikha habang sinusukat sa isip ang layo o lapit ng kinatatakutan sa pamamagitan ng tunog ay tila takot na inilarawan ni Heidegger nang isa-isahin niya ang iba't ibang galaw ng takot habang gumagapang ito (o lumilipad sa kaso ng aswang) papalapit sa nilalang na dapat makaramdam ng takot:

Na sa harap ng ating kinatatakutan... 1. May tiyak na panganib kung masasangkot o mahaharap sa bagay na ito. 2. May tiyak na saklaw na posibleng puntiryahin ang panganib na ito, kung kaya ito'y nagiging tiyak at nagiging tiyak din ang lugar na pinagmumulan. 3. Tukoy ang mismong pinagmulan bilang pinagmumulan ng panganib; ngunit ang bagay na nagmumula rito ay nagtataglay ng "kakatwang" katangian. 4. Ang panganib, bilang nagbabanta, ay wala pa sa layong kaya tayong abutin, ngunit papalapit na ito. Sa paglapit nito, nagsasanga naman palabas ang pagigi nitong mapanganib, at dito nakabatay ang banta. 5. Ang panganib na gumagapang papalapit ay nasa tabi na. Tunay na makapipinsala sa antas na pinakamasahol habang patuloy pa sa paglapit; subalit kung malayo pa, ang dulot na pinsala ay di pa natin malinaw na nakikita. Ngunit kung ito'y nasa tabi na, dito na ito nagsisimulang maging tunay na banta: maaari na tayo nitong abutin ngunit maaari ding hindi. At sa paglapit pa lalo nito, ang katunayang "maaari na tayo nitong abutin" ngunit sa huli ay "maaari ding hindi," ay lalong tumitindi, at dito natin nasasabing "Nakakatakot naman ito." 6. Mahihinuha mula rito na ang panganib, habang patuloy na lumalapit ay laging may bitbit na posibilidad na maaari nga tayo nitong lampasan at huwag lapitan; ngunit sa halip na pahupain ay lalo lang nitong pinatitindi ang ating takot para dito. (*Sariling salin*, 1962: 179-180).

(That in the face of which we fear can be characterized as threatening. Here several points must be considered. 1. What we encounter has detrimentality as its kind of involvements. 2. The target of this detrimentality is a definite range of what can be affected by it; thus the detrimentality is itself made definite, and comes from a defnited region. 3. The region itself is well known as such, and by so is that which is coming from it; but that which is coming from it has something 'queer' about it. 4. That which is detrimental, as something that threatens us, is not yet within striking distance, but it is coming close. In such a drawing-close, the detrimentality radiates out, and therein lies its threatening character. 5. This drawing-close is within what is close by. Indeed, something may be detrimental in the highest degree and may even be coming constantly closer; but if it is still far off, its fearsomeness remains veiled. If, however, that which is detrimental draws close and is close by, then it is threatening; it can reach us, and yet may not. As it draws close, this 'it can, and yet in the end it may not' becomes aggravated. We say, "It is fearsome". 6. This implies that what is detrimental as coming-close by carries with it

the patent possibility that it may stay away and pass us by; but instead of lessening or extinguishing our fearing, this enhances it.)

Ang tiktik na naghahatid ng takot ang siya ring namamagitan sa tao at aswang. Ang tagapagpatalastas ng isa't isa sa isa't isa. Inihahatid niya ang aswang sa tao habang iniwas ang tao sa aswang. Nagaganap sa pamamagitan niya ang mga tropo ng pagtatagpo at pag-iwas at sa ganito, nagsisilbi ang tiktik bilang lunsaran ng kuwento.

Dahil sabay niyang idinudulot sa tao at aswang ang parehong tulong at hadlang, hindi nito ganap na napagsisilbihan ang kapakanan ng dalawa. Sa ganito nakakansela ang kaniyang karakter at presensya. Dahil lumilitaw sa ganitong pagtatabla na wala namang mababago sa kuwento kung naroon o wala roon ang tiktik. Ngunit totoo lang ito kung titingnan ang silbi ng tiktik mula sa kapakanan ng tao at aswang. Sa kawalan niya ng totoong silbi sa tao at aswang, maaaring lampasan ng tiktik ang karaniwang papel na inaasahan sa kaniya. Maaari nang kilalanin ang kaniyang silbi para sa kaniyang sarili. Sa ganito, ang tiktik ay magiging isang sarili para sa kaniyang sarili, isang karakter na may kalooban na maaaring pagbukalan ng sariling motibasyon. Kung bakit niya ginagawa ang kaniyang mga ginagawa ay posibleng sa anino na lang ng kuwento maaaring matagpuan ang mga sagot.

MISREKOGNISYON NG TUNOG

Salamat sa kulturang popular na umampon, nagbigay ng bagong anyo at buhay sa sinaunang kuwentong bayan, ang aswang at tiktik ay bahagi na ng pambansang imahinaryo. Isa na ngayon itong patok na paksa sa mga nobela, pelikula, at aklat-pambata.

Sa internet, pinakamasinop na marahil na online documentary film tungkol sa aswang ang *The Aswang Phenomenon* ng Canadian filmmaker na si Jordan Clark. Kahanga-hanga ang interes at sigasig ng banyagang ito sa pag-unawa sa mga mitikal na nilalang ng Pilipinas tulad ng aswang. Sa kaniyang

pelikulang may isang oras ang haba, tinangka ni Clark liwanagin kung ano ang aswang sa Pilipinong imahinasyon at kung saan posibleng nanggaling ang paniniwala tungkol dito. Ngunit gaya ng maraming pagsasapelikula ng tagalabas sa kulturang iba sa kanilang kultura, nauwi sa nakagawiang pang-History Channel na paghahanap sa maalamat na Big Foot sa kabundukan ng Himalaya o sa maintrigang Lochness Monster ang proyekto.

Katunayan, tila naging misyon bigla ng dokumentaryong ito ang exposé sa aswang bilang hoax, sa paglalatatag sa mga pinagpapalagay nitong patunay na tumuturo, hindi sa manipulasyon o daya, kundi sa maling akala ng mga Filipino tungkol sa mga bagay na nasa kanilang paligid. Kabilang rito ang maling akala ng mga Filipino tungkol sa kanilang narinig.

Sa isang bahagi ng kaniyang video, ipinarinig niya ang soundscape ng isang tila magubat na lugar pagsapit ng gabi. Maliwanag sa sound recording ang pagtatampok sa isang nakatatakot na huni na ipinagpapalagay na huni ng tiktik (o wakwak, ayon sa kaniya) ngunit sa kaniyang voice over exposition ay tinukoy na niya bilang huni lang ng salagubang. Sa kasunod na eksena, may ginawa siyang juxtaposition patungo sa eksena ng kaniyang panayam sa isang lokal na magpaparinig sa kaniya ng ginayang huni ng tiktik. Ang ginayang huni ng aleng ininterbyu ay ilalapat niya pabalik sa tunog ng salagubang na kaniyang nakuha mula sa sariling recording. Lahat ito upang ipakita ang nangyaring misrekognisyon ng mga naniwalang nakarinig sila ng huni ng mahiwagang ibong alaga ng aswang.

Sa ganitong paglalantad ng maling akala ng mga Pilipino, maaalala ang konsepto ni Schafer ng 'earwitness' na di lang tumutukoy sa kakayahang makinig kundi sa kakayahang magbigay din ng saksi sa mga bagay na naririnig (1994: 272). Kung ang soundscape ay isang uri ng pook, masasabing ang mga residente ng espasyong ito ang mga dapat sanang earwitness na maaasahang magbigay-sulit sa mga sound event na siyang pinakamaliit na bahagi ng soundscape (274). Ngunit kay Clark, kahit ang mga tao sa loob ng komunidad ay di maaasahang saksi ng kanilang sariling soundscape sapagkat nagsasaliwa ang naririnig ng tainga sa nilalaman ng isip at sa kung ano ang talagang nariyan sa realidad.

Iba ang kanilang aktuwal na narinig sa inakala ng isip nila na kanilang narinig. Habang ayon kay Heidegger, “Kinakailangan ang isang napakaartipisyal at napakakomplikadong kondisyon ng pag-iisip upang ‘marinig’ ang ‘dalisay na tunog...’” (*sariling salin*, 1962: 207) (*It requires a very artificial and complicated frame of mind to ‘hear’ a ‘pure noise’...*). Kasunod nito, idinagdag niyang “Ang Pag-iral, bilang una sa lahat ay pag-unawa, ay katabing-katabi lang ng bagay na inuuwa. ...” (*sariling salin*, 207) (*Dasein, as essentially understanding, is proximally alongside what is understood.*); at sa ganito, inihayag niyang “Ang nakauunawa lang ang maaaring makarinig.” (1962: 208) (*Only he who already understands can listen.*)

HUNI NG TIKTIK AYON SA MGA LUMANG TALA

Sa isang bahagi ng *Primo Viaggio Intorno al Mondo/Unang Paglibot sa Mundo*, nagsalaysay si Antonio Pigafetta ng ganito tungkol sa isang gabing pananatili nila sa isang isla:

“Tuwing sasapit ang hatinggabi sa bayang iyon, isang pagkaitim-itim na ibong kasing laki ng uwak ang humahapon sa bubungan ng bahay, at pagkadapo sa bubungan, agad itong magpapakawala ng irit-irit na huni na sasagutin naman ng mga alulong ng aso na magtatagal ng tatlo hanggang apat na oras. Walang tagaroon ang gustong magpaliwanag sa amin kung bakit ito nangyayari.” (*Sariling salin*)

(Every night about midnight in that city, a jet black bird as large as a crow was wont to come, and no sooner had it thus reached the houses than it began to screech, so that all the dogs began to howl; and that screeching and howling would last for four or five hours,³⁴³ but those people would never tell us the reason of it.)

Walang katutubong gustong magpaliwanag sa huni ng itim na ibon. Pero kahit hindi magpaliwanag ang dapat sanang nakapagpaliwanag, at sa ganito’y hindi rin sana masasagot ang para kina Pigafetta ay misteryo ng tunog, hindi ito naging hadlang kay Pigafetta na magpanukala ng sarili niyang pagtingin. Sapagkat ang pagkakaposisyon (o emplotment) ng sandaling ito sa kaniyang salaysay ay isa nang paraan ng pag-unawa. Inilagay niya ang banggit tungkol sa itim na ibon matapos mailarawan ang mga ritwal ng katutubo sa paglilibing ng patay at bago ang salaysay tungkol sa kanilang pagsalakay kay Cilapulapu, kung saan mapapaslang ang kanilang Iberiong bayani na si Magallanes. Sa ganitong pagbabanghay, gustuhin man o hindi ng itim na ibon, siya ay nagamit na sa kuwento bilang masamang badya kay

Magallanes at sa mga tauhan nito. Ang itim na ibon din kung gayon ang signos ng napipintong paghahasik ng lagim ni Cilapulapu. Sa basa ni Resil Mojares (2006: 39), nagamit ni Pigafetta ang aural na sandali bilang pangitaing magroromantisa sa naratibo ng pananakop. Kung sa pelikula ni Jordan Clark, makikita ang pagpapasubali sa earwitnessing ng komunidad, na kay Pigafetta naman ang ganap na kanselasyon nito. At tila ito lang din ang masasabi natin sapagkat ang kabilang panig ng kuwento, ang kuwento ng mga tagaroon tungkol sa ibon, ay pininid ng katahimikan. Ang mga natahimik sa nakabibinging huni. Pananahimik ng mga pinatahimik sa talaan. Katahimikang mahalaga ring mapakinggan.

Samantala, sa *Ang Diablo sa Filipinas*, binalikan ni Isabelo de los Reyes ang iniulat ni Padre Gaspar de San Agustin tungkol sa ingay ng mga ibong narinig noon sa bayan ng Dumalag Panay (2014:54):

“Dito sa bayan may puno ng cahoy na lubhang malaqui na pinag cacatipunan nang lubhang maraming ibon, na palaguing nagcacaingay sa canilang sigauan, nacamumuhing masaquit sa boong bayan...”

Ipinaliwanag ni San Agustin na ang punong dinadapuan ng mga ibong ito ay tirahan din ng mga diwata kaya kinatatakutan ng mga tagalog (indio naturales). Hanggang sa dumating ang isang Padre Hernando Morales na nagpalayas daw sa mga ibong ito sa pamamagitan ng pag-ukit ng krus sa nasabing puno. Ngunit ang mga nasabing ibon ay tinatakbuhan pa rin sapagkat “ang mga ibong yaon ay ang mga demonio o mga tagalog sa bayan, na doon sila nangagpupulong kasama ng demonio.” At matapos sabihin ito tungkol sa mga tagalog, nagpatuloy sa kaniyang kuro-kuro ang pari “Yaon caya I mga asuangs? ... sinasabi ngang tunay na ito, i. mga Visaya na lumilipad na parang ibon...” (58).

Sa ganitong espekulasyon, hindi na lang nakansela ang earwitnessing ng komunidad, na tinutukoy rito bilang mga “tagalog” at “Visaya.” Mula sa pagiging mga subjek ng kanilang sariling soundscape, ang komunidad na nakikinig ay ginawa na ring mga sound object. Sila na ang naririnig sa halip na nakikinig.

ANG HUNI NG COROCORO

Ang nakamamangha ay ito: na sa kuwentong-bayan ng mga rehiyon ay may tiyak na pangalan ang ibong ito. Sa *Noticia del Bicol* ni Padre Jose Castaño makikita ang pinakamaagang tala (1895) tungkol sa isang ibong alaga ng aswang. Sa salaysay ng prayleng historyador, pinangalanan ang ibong kinatatakutan bilang ibong Corocoro. Ayon sa paniniwalang bayan, pinangungunahan ng ibong ito ang pagsalakay ng kaniyang panginoong si Asuwang. Kapag narinig na ang huni ng Corocoro, malamang na nasa paligid na si Asuwang para tangayin ang lamang-loob ng isang sanggol o di kaya'y sikwatin ang isang may sakit. Hindi magtatagal, may mamamatay (o kailangang mamatay) sa lugar na tinatawag na 'dulojan' (nasa Lynch, 1963: 153).

Hindi maipagkakamali ang huni ng Corocoro sa huni ng ibang mga hayop sa gubat sapagkat ayon pa rin kay Castaño, ang huni ng ibong ito ay “mahinang dagundong ng bagyo buhat sa malayo,” (1963: 153). At kung mahinang dagundong ng sigwa ang huni, ang pagdating naman ni Asuwang sa duluhan ang paparating na sigwa. Bukod sa presensya ni Asuwang, sa pinakahuli, signos ito ng napipintong kamatayan ng mga nasa dakong iyon. Hindi pa man nakararating, tiyak na ang dakong daratnan ni Asuwang—ang pook na kung tawagi'y duluhan. Dahil dito, bukod sa napipinto ang pagdating, pili rin ang sadya nito. Kung nasa duluhan ang dako ng mga malapit nang agawan ng buhay, malamang na hindi ito tayo na narito kundi sila na naroon—sa duluhan— na lumilitaw na di lang silang mga nasa gawing duluhan ng nayon kundi silang nasa gawing duluhan din ng kanilang buhay. Kaya di man tayo ang malamang na puntirya ng paparating na salot, maaaring dapuan pa rin tayo ng takot hindi man para sa ating sarili kundi para sa iba, dahil lagi't laging magkakaroon tayo ng ugnayan sa kanila na naroon sa duluhan. Ngunit sa isang banda, kung nakatitiyak ang mga nakaririnig sa huni ng Corocoro na hindi sila ang kukunin ngayong gabi dahil ang sadya ng kamatayan ay iyong mga naroon sa gawing duluhan, mainam din nilang itanong kung saang dulo ba ang duluhang pinag-

uusapan. Dahil kung nagagawa ng huning laruin ang karaniwang unawa natin sa layo at lapit, maaari din naman nitong laruin ang karaniwang unawa natin sa bungad at dulo, sa simula at wakas.

Dumarating ang aswang upang magdala ng kamatayan, at dumarating siya upang sunduin ang mga nakahanay na sa tiyak na kamatayan: ang mga sanggol at ang mga may sakit. Iniulat din ni Castaño sa *Noticia* na sa kabila ng takot ng mga tao kay Asuwang, may nagaganap na malaganap na pagsamba sa bathalang ito (1963: 154). Kay Asuwang itinuturo ang dahilan ng maraming kamatayan kaya sa kaniya rin hinihingi ang buhay ng isang nasa bingit ng kamatayan. Samantala, sa kaniya rin isinisisi ang pagdating ng mga salot at sakuna kung kaya may ginaganap na hidhid ang mga babaylan na ritwal ng pagpapalayas sa kaniya (154). Kung pinaniniwalaang ganito ang determinasyon ni Asuwang sa buhay at kamatayan ng mga tao, nagbabadya ang huni ng Corocoro ngunit walang silbi ang babala dahil mangyayari ang kailangang mangyari dahil ito ang nakatakdang mangyari. Ito marahil ang bumubuo sa sinaunang pangamba at pagkamangha sa huni ng mga panggabing ibon na bahagi ng kolektibong alaala, at kung gayon, ng ating kolektibong takot.

Bagamat di pa malinaw kung ang Corocoro ba ay tiyak na pangalan ng ibon o mas pangkalahatang tawag sa isang uri ng ibon, o di kaya'y pagpapangalang nakasandig sa onomatopeikong hawig nito sa tunog ng “mahinang dagundong ng bagyo buhat sa malayo.” Sa tala naman ni Padre Diego de Bobadilla (*Relation of the Filipinas Islands*, 1640: 285), binanggit niya ang tungkol sa ibong corocoro sa konteksto ng mga paniniwala sa Mindanao. Ayon sa kaniya, “Ang mga tagarito ay maraming pinaniniwalaang pamahiin. Kung makakita sila ng ahas o butiki, o kung makarinig ng ibong tinatawag nilang corocoro na umaawit o bumabahing, tinatanggap nila ito bilang masamang signos, at hindi na sila tumutuloy sa kanilang lakad.”

Sa pagkakataong ito, hindi malinaw sa tala kung anong uri ng kasamaan o kasawian ang hatid ng huni ng corocoro sa mga taga-Mindanao. Kung ito ba'y nagbabadya pa rin sa pagdating ng aswang o sa kung anumang sakuna sa pangkalahatan. Ngunit ano nga bang ibon ito? Sa kanilang talababa (tala

blg. 6) sa naturang bahagi, binanggit nina Blaire at Robertson na ang corocoro ay ‘colocolo’ na tawag sa Kabisayaan sa ibong kung tawagin naman sa Ingles ay ‘fishing gannet’ (*Sula piscatrix*). Ayon pa rin kina Blaire at Robertson, ito rin ang ibon sa tala ni Juan Delgado (*Historia*, p. 820) na ayon dito sa huli ay kaniyang iniwi sa bahay para alagaan at kaniya ring tinuruan kung paano humuli ng isda at kung paano iwi ang nahuli diretso sa kusina.

Kung ibong dagat ang corocoro, hindi kaya may kaugnayan ito sa corocoro, na ayon naman kay Forrest (*Voyage to New Guinea*, 23, nasa *The Malayan Words in English*, Charles Payson Gurley Scott) ay tawag sa sasakyang pandagat ng Malay. Sa paglalarawan ni Forrest, ang naturang bangka ay “may mga katig at may magkabilang dulong nakaarko na tila kalahating buwan.” Na kung tutuusin ay di nalalayo sa pigura ng ibong may katulad na pangalan. Kung ang corocoro na ibong nagmula sa dagat ay tumutukoy rin sa uri ng sasakyang pandagat, isang posibleng punto ng koneksyon ngayon ay kung ano ang maaaring nagmula sa dagat na maikakabit sa takot ng mga tao sa isang sakunang paparating.

Sa *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*, itinuturo naman tayo ni William Henry Scott sa ibang uri ng ibon. Katulad ng naging pagpuna ni Padre Bobadilla, tinalakay ni Scott ang mga itinuturing na hudyat at palatandaan mula sa mga diwang gabay sa loob ng fokloreng Bisaya. Ayon kay Scott, “Kahit anong reptilyang masalubong sa daan, uri ng butiki o ahas, kahit ang karaniwang butiking nakikita sa bahay ay puwedeng makipag-usap sa isang bababa ng hagdan para magbigay babala kung kailangan nitong umakyat uli ng hagdan upang huwag nang umalis ng bahay... Ngunit ang pinakakilala sa lahat ng mga itinuturing na pahiwatig ay iyong nagmula sa limokon, isang uri ng batobato o kalapating gubat na may kulay berde at puting balahibo at pulang mga paa at tuka, na tinatawag ding koro-koro dahil sa huni nito (*Sariling salin*, 2004:82).” Idinagdag pa ni Scott ang pagsangguni sa epikong Suban-on, na “habang lumulubog sa kailaliman ng dagat si Taake, nanangis siya at nagsabing, ‘Kung humuni lang sana ang ibong limokon, hindi na ako naparito,’ ” (*Sariling salin*, 2004: 82, na kay Gaudiosa-Martinez Ochotorena, “Ag Tobig nog Keboklagan: A Subad-on folk epic,”

Kinaadman, 1981, 420). Dito, ang corocoro kung gayon ay ang ibong tinatawag ding limokon o alimokon.

Kung sasangguni sa pormal na taxonomia ng mga katutubong ibon sa Pilipinas, ang alimokon ay tumutukoy sa species ng ibong tinatawag na white-eared brown dove (*Phapitreron leucotis*) na bahagi ng pamilyang 'Columbidae' na endemic sa Pilipinas. Samantala, sa *Hiligaynon Dictionary* ni John Kaufman, ang alimokon ay henerikong tawag sa kalapating matatagpuan sa ilahas. Sa ganitong pagpapakahulugan, masasabing ang koro-koro sa Bisaya ay maaaring itumbas sa batubato sa Filipino (turtledove o spotted dove) na dalawang species ng ibong higit na mapaghahambing dahil sa tunog ng kanilang mga pangalang nakabatay sa onomatopeikong paghawig sa kanilang inilalabas na huni.

Sa sugidanong *Hinilawod* ng Panay-Bukidnon, makikita ang parehong anda ng ibong nagbabadya, na ginagampanan ng isa pang uri ng ibong kapamilya ng limokon, ang kalapating punay o manayu (Yellow-breasted fruit dove, *Ptilinopus occipitalis*) na nagbigay babala kay Humadapnon habang papasok ito sa teritoryo ng higanteng si Dampig Piliw na kapatid ng aswang na si Paglambuhan.

Ubod nang taas ang araw/Nasa katanghaliang tapat./Nakadapo sa puno ang punay habang namamahinga/Itong manayu sa nakasanayang pahingalay/Panatag na nakatanaw sa dagat/Pinanonood ang mga alon/Nang lumitaw ang biday/Nang magdaan ang balangay/ Malapit sa kaniyang punong tirahan/Sa punong tinatawag na kuimbungan./

Nangusap ang punay,/“Mag-ingat ka, buyung/Mag-ingat kang mabuti/Maging mulat palagi,/Ikaw na nakasakay sa gintong balangay./Sa iyong pagtawid sa laut/ Madadaig ka/Madarakip ka/Ng masasamang loob/Ng mga di nakikilalang manlalakbay.”/ Iyan ang sabi ng punay,/Iyan ang sabi nitong nilalang na may pakpak. (*Sariling salin*, Huganan, 2000: 125)

Sa tagpong ito, mahihinuhang hindi pangkariniwang punay itong tumawag kay Humadapnon dahil sa pambihirang pagkakatalos nito sa tunay na sadya ng paglalakbay ng buyung. Habang pinagmamasdan nito ang pagdaan ng balangay, nasa isip na nito ang tinagong binukot na nakatadhana para sa datung kausap (2000: 125). Posibleng naratibong pagbabalankas lang ang ibon para mabigyang rekapitulasyon ang buong kuwento ng paglalakbay ni Humadapnon. Pero sa ganitong

pagbibigay ng piling impormasyon sa tinig ng isang ibon, nabibigyan din ang ibong ito ng katangiang magkaroon ng pagkakaalam sa nakaraan at hinaharap ng datu. Marahil, lalo pang magiging malinaw ang pagkakakilanlan sa ibong punay kapag nakilala rin ang amo nitong si Punayon-Punayon na gaya ni Humadapnon ay isa ring ginoo at matalinong tagapayo.

LAGOM

Sa ganitong mga paggana, masasabi kong narinig ko na rin minsan ang tiktik. Narinig ko ito noong umakyat ako sa Calinog na isa sa mga bundok na pinagbuhatan ng sugidanong Panay-Bukidnon. Nakitulog ako noon sa bahay ng isang elder. Sa sobrang tahimik, habang nakahiga, dinig ang huni ng bulate malapit sa may bintana na nasa ulunan ng higaan. Noon ko lang nalamang humuhuni rin pala ang mga bulate. Pero may isa pang huni na tumawag sa aking atensyon. Na parang tagiktik o ikik ng butiki ngunit kung butiki, ang butiking ito’y parang nag-aabang sa labas ng bahay. Kinabukasan, tinanong ko sa maybahay kung ano iyong narinig kong tumitiktik sa labas. Hindi niya ako kinuwentuhan ng kahit anong kuwentong katatakutan para magpaliwanag. Sa halip, simpleng pinangalanan niya ang salagubang na galing sa puno ng saging na gumagawa ng malakas na pagtiktik sa gabi. Agangis ‘yong narinig mo, sabi niya. At kapag lumakas daw at bumilis ang pagtiktik ng agangis, ibig sabihin, hudyat iyon na may bagyo sa dagat na papalapit na sa kanilang bundok. Sumali rin sa aming usapan ang kanyang bana. Ipinaliwanag ng mag-asawang ito sa akin na bukod pa sa agangis, nahihiwatigan din nila ang paparating na bagyo kapag may ilang ibong nakatira sa dagat ang lumilipad papuntang bundok at naririnig nilang humuhuni kasama ng iba pang mga ibon sa bundok. Bigla-bigla, naalala ko ang ibong Corocoro na ang huni’y sinasabing tila hugong ng bagyo galing sa malayo.

Ang huni ng ibong pinakinggan ng aswang ay siya ring huni ng ibong pinakinggan ng mga bayani sa epiko. Ngunit hindi dialogo ang pakikipag-usap ng huning ito. Kailangang makinig ng aswang at bayani sa ibon ngunit hindi kailangang pakinggan ng ibon ang sasabihin ng aswang at ng bayani.

Sapagkat tila matagal nang narinig ng tinig ang lahat mula sa dungan at kapalaran ng mga kinakausap. Kaya hindi dialogo kundi rebelasyon, na isang apokalipsis din sa isang banda, sapagkat ang rebelasyon ay laging rebelasyon, kundi man ng pagwawakas, ay pagbalikwas ng mga kapalaran.

Na sa isang banda’y walang iniwan sa ating pakikinig sa mito. O sa mitong nagbubukal buhat sa walang hanggang kailaliman, sa taguri ng pilosopong si Jean-Luc Nancy, na ayon sa kaniya’y “mito tungkol sa kawalan ng mito – na nakatakda na talaga nitong sabihin noon pa man, na marahil ay wala nga itong sinasabi, ngunit sinasabi nito na sinasabi nitong sinasabi ng mito na sinasabi nito, at sinasabi nitong sinasabi nito, at sa ganitong pagsasabi’y itinatakda ang kaayusan at pagbabahagi-bahagi ng sangkatauhan sa pamamagitan ng wika.” Sinabi pa ni Nancy, “Na ang mito higit sa lahat ay ganap, isang wikang orihinal, sa ilang pagkakataon ay nagbibigay rebelasyon, at sa ilang pagkakataon nama’y nagtataguyod ng matalik na pag-iral ng isang komunidad... Ang wikang ito’y hindi isang diskurso na dumarating bilang sagot sa mapagtanong na isip: dumarating ito ...hindi sa pagtatanong kundi sa paghihintay ng mismong mundo. Sa mito, napakikilala ang mundo, at napakikilala nito ang sarili sa pamamagitan ng kapahayagan o ganap at tiyak na rebelasyon...Ang mito ang pagbubukas ng bibig na sumasapat sa pagsasara ng uniberso, (*Sariling salin*, 1991: 48, 50).”

SANGGUNIAN:

- Bobadilla, Diego de, SJ. *Relation of the Filipinas Island*, nasa *The Philippine Islands, 1638-1640, Volume XXIX*. Emma Blaire at James Robertson (mga patnugot at tagasalin). The Project Gutenberg EBook, <http://www.gutenberg.org/ebooks/42884>.
- Clark, Jordan. *The Aswang Phenomenon*. <https://www.youtube.com/watch?v=2ePhqoyLpXQ>.
- De los Reyes, Isabelo. *Ang Diablo sa Filipinas ayon sa nasasabi sa mga casulatan luma sa Kastila*. Benedict Anderson, Carlos Sardiña Galache, Ramon Guillermo (mga tagasalin). Lungsod Pasig: Anvil Publishing, Inc., 2014.
- Heidegger, Martin. *Being and Time*. John Macquarrie at Edward Robinson (mga tagasalin). New York: Harper and Row Publishers, Inc., 1962.
- Hugan-an. *Hinilawod: Adventures of Humadapnon*. F. Landa Jocano (transcriber at tagasalin). Lungsod Quezon: Punlad Research House, 2000.
- Jocano, F. Landa. *The Hiligaynon: An Ethnography of Family and Community Life in Western Bisayas Region*. Diliman, Quezon City: Asian Center, University of the Philippines: 1983.
- Lynch, Frank, SJ. *An mga Aswang: A Bicol Belief, Field Reports and Analyses*. Bicol Area Survey, Unpublished Manuscript. Naga City: Ateneo de Naga, 1963.
- Nancy, Jean-Luc Nancy. "On Myth". *The Inoperative Community*. Minneapolis and London: University of Minnesota Press, 1991.
- Mallari, Francisco A. *Ibalon Under Sotrm and Siege: Essays On Bicol History: 1565-1860*, Cagayan de Oro, Xavier University, 1990.
- Mojares, Resil. "The Islands According to Pigafetta". *Waiting for Mariang Makiling: Essays in Philippine Cultural History*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2006.
- Pigafetta, Antonio. *The First Voyage Around the World, 1519-1522*, nasa *The Philippine Islands, 1493-1898, Volume XXXIII*. Emma Blaire at James Robertson (mga patnugot at tagasalin). The Project Gutenberg EBook, <http://www.gutenberg.org/ebooks/42884>.
- Schafer, R. Murray. *The Soundscape: Our Sonic Environment and the Tuning of the World*. Rochester, Vermont: Destiny Books, 1994.
- Scott, Charles Payson Gurley. *The Malayan Words in English*, nasa *Journal of the American Oriental Society*, 1896, Vol. 17, (1896), 93-114. <https://www.jstor.org/stable/592501>.
- Scott, William Henry. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Lungsod Quezon: Ateneo

de Manila University Press, 2004.

Winstedt, Richard. *The Malay Magician, Being, Shaman, Saiva, and Sufi*. London: Routledge and Keegan Paul, 1951.

ASWANG OF THE SEA. In 1668, Spanish chronicler Fr. Francisco Ignacio Alcina, SJ, in his celebrated work, *Historia de la Bisaya*, recorded this gargantuan sea vessel of the Visayans called aswangan.